# GLENN GALON

Si GLENN GALON (o BON) ay ipinanganak sa Region 6. Natapos niya ang kursong BSE-Filipino sa RTU-Mandaluyong. Ganap na kasapi ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo o LIRA at Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, Inc. - Sangay ng Maynila. Nasungkit niya ang Ikatlong Gantimpala sa Unang Ani ng Premyong LIRA. Mababása ang kaniyang mga tula, dagli, at sanaysay sa iilang publikasyon, libro man o onlayn. Kasalukuyan siyang guro sa isang pampribadong paaralan sa Visayas.

# HULAO-HULAO[1]

May hulao-hulao nga nagtuhaw
Sa madalum nga hunahuna
Sang malapad nga baybay
Nga malinong gapamilo,
Samtang ini nagakanay
Sa masingkal nga adlaw.

Gapaminsar ang adlaw
Kon ano ang nagtuhaw
Nga balatyagon nga gakanay,
Sa gabalud nga hunahuna
Nga mahipid gapamilo
Sa dughan sang baybay.

Ginahuyup sang baybay
Ang paghutik sa adlaw,
Samtang ini gapamilo;
Sang hinali may nagtuhaw
Sa iya nga hunahuna
Nga amat-amat nagakanay.

Mahilway nga gakanay
Ang matin-aw nga baybay,

---

*1 Hulao-hulao - solitaryong islang binubuo ng mga patay na korales na matatagpuan sa Brgy. Caliling, Cauayan, Negros Occidental*

Sang nagsalum ang hunahuna
Sang masanag nga adlaw.
Sa tubi, may nagtuhaw,
May tayuyon gapamilo.

Wala kapoy gapamilo
Ang paminsaron nga gakanay
Nga sa tunga nagtuhaw
Sa lawas sang baybay,
Sa sanag sang adlaw,
Sa lawud sang hunahuna.

Galagsanay ang hunahuna
Sang hanul nga gapamilo.
Gakaasikan ang adlaw,
Apang nagakanay.
Ginatangla sang baybay
Ang sa babaw nagtuhaw.

Nagatuhaw ang hunahuna
Nga baybay nga gapamilo
Sa gakanay nga adlaw.

# HULAO-HULAO

*salin sa Filipino*

May hulao-hulao na lumitaw
Sa malalim na damdamin
Ng malawak na dagat
Na payapang nagtutupi,
Habang ito'y lumulubog
Sa mapusok na araw.

Iniisip ng araw
Kung ano ang lumitaw
Na pakiramdam na palubog,
Sa umaalong damdaming
Masinop na nagtutupi
Sa dibdib ng dagat.

Humihihip ang dagat
Sa pagbulong sa araw,
Habang ito'y nagtutupi;
Nang biglang may lumitaw
Sa kaniyang damdaming
Unti-unting lumulubog.

Malayang lumulubog
Ang salaming dagat,
Nang lumangoy ang damdamin
Ng matingkad na araw.

Sa tubig, may lumitaw,
Patuloy sa nagtutupi.

Walang pagal sa pagtutupi
Ang kaisipang lumulubog
Na sa gitna ay lumitaw
Sa katawan ng dagat,
Sa sinag ng araw,
Sa kaibuturan ng damdamin.

Naghahabulang damdamin
Ang mga along nagtutupi.
Natitilamsikan ang araw,
Gayong lumulubog.
Tinitingala ng dagat
Ang sa lupalop ay lumitaw.

Lumilitaw ang damdaming
Dagat na nagtutupi
Sa lumulubog na araw